**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Sta. Cruz**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-16 NG SETYEMBRE, 1998, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier............ | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar.......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez........... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon............. | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas............ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca............. | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco.......... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor........ | Kagawad |

DI-DUMALO:

W A L A

### KAPASIYAHAN BLG. 126-T'98-K

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. SANGGUNIANG PANLALAWIGAN NA MAKASAMA SA INYONG KARANIWANG P[redacted]NG KAHILINGANG MAI-DONATE NA SA PAMAHALAANG BAYAN NG SA[redacted] CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA ANG HALAGANG P10M KASAMA ANG I[redacted]REST NA GINAMIT PARA SA PAGPAPAGAWA NG BAGONG PAMILIHANG BAYAN.**

**SAPAGKA'T,** nabatid mula sa mga makatuwirang pahayag na ang halagang P500,000.00 na inutang ng bayan ng Siniloan, lalawigang ito, sa pamahalaang panlalawigan ay nai-donate na sa nasabing bayan;

**SAPAGKA'T,** malaking gastusin ang kinakaharap ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz sa kasalukuyan para sa pagpapatupad ng programa ukol sa murang pagpapabahay na ang makikinabang ay ang mga kawani ng pamahalaang bayan, panlalawigan at pang-nasyunal;

**SAPAGKA'T,** malaking gastusin ang kinakaharap din ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz para sa pagpapatupad ng Salary Standardization Law ukol sa pasahod ng mga kawani nito kaya't hindi mailagay sa badyet o mapaglaanan ng pondo ang pagbabayad sa hiniram na halaga;

**SAPAGKA'T,** nakasaad sa Seksyon 303 ng Kodigo ng Lokal na Pamamahala ng taong 1991 na ang pamahalaang lokal ay kinakailangang maglaan sa kani-kanilang taunang badyet ng halagang sasapat upang mabayaran ang mga pagkakautang, subalit hindi maaaring ipatupad ang pagbabayad kung ang laang gugulin ay hindi maitatakda;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN** : Na mapitagang hilingin sa Kgg. Sangguniang Panlalawigan na makasama sa inyong Karaniwang Pulong ang kahilingang mai-donate na sa Pamahalaang Bayan ng Santa Cruz, Lalawigan ng Laguna ang halagang P10M kasama ang interest na ginamit para sa pagpapagawa ng bagong pamilihang bayan.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr., Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

**PINAGTITIBAY:**

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan